

PROLOGUE

“Lift your chin higher,” utos ng kanyang guro na galing sa isang espesyal at prestihiyosong finishing school sa bansa.

Agad sinunod ni Elizabeth ang iniutos nito, kahit saloob-loob niya ay gusto na niyang maglupasay sa sahig. Derecho ang kanyang likod, masinop siyang naka-de-cuatro, at nakapatong ang magkasalikop niyang mga kamay malapit sa kanyang tuhod.

Nananakit na ang likod niya, halos isang linggo na siyang tinuturuan ng tamang posture, pero hirap na hirap pa rin ang kanyang katawan na sumunod. Madalas kasi ay nangangawit siya, pero hindi niya pwedeng ipahalata iyon sa istrikta niyang guro dahil pihadong makararating iyon sa kanyang mga magulang.

“Now...” pauna ng babae habang inaayos ang suot nitong salamin sa mata. May kalakihan iyon na may patusok na disenyo sa gilid, lalo tuloy itong nagmumukhang mataray. Pakiramdam niya tuloy minsan ay siya si *Sara Crewe*, ang munting prinsesa, at ang guro niya ay si *Miss Minchin* na palagi siyang inaapi. “Stand up straight and walk.”

Sinunod niya ulit ang utos ni Miss Gabriela a.k.a. *Miss Minchin*. Una niyang inalis ang mga palad sa kanyang hita, saka mabining iniangat ang binti na naka-ekis sa isang tuhod. Nang makatapak na ang pareho niyang mga paa sa marmol na sahig ng kanilang sala ay dahan-dahan siyang tumayo, iyong tipong tagpo sa mga pelikula na parang may slow-motion-effect.

Una niyang inihakbang ang kanan niyang paa. Hindi maririnig ang paghalik ng takong ng suot niyang mataas na sapatos na nagbibigay sa kanya ng lintos. Kung pwede lamang sanang magreklamo ay ginawa na ni Elizabeth dahil ang sakit-sakit na talaga ng paa niya. Hindi na siya makapaghintay na matapos ang leksiyon sa araw na ito para makapunta na siya sa kanyang kuwarto at alisin ang sapatos na iyon at ang bestidang pilit ipinapasuot sa kanya tuwing may leksiyon.

Kasunod niyang inihakbang ang kaliwang paa. Humakbang siya, humakbang pa hanggang sa marating ang kinatatayuan ni Miss Gabriela na nakahalukipkip at magkasalubong ang mga kilay.

“You should walk like you own the place.” matigas na saad nito saka umiling, halatang hindi natuwa. Siya rin naman ay hindi natutuwa sa mga

ipinapagawa sa kanya, kaya patas lang sila ni *Miss Minchin*.

Sampung taong gulang pa lamang siya ngayon, wala pa siya talagang ideya sa gustong ipagawa sa kanya ng guro, ni hindi nga niya alam kung para saan ba ang lahat ng ito. Basta ayon sa mommy at sa daddy niya ay kailangan niya iyong matutuhan. At kapag sinabi ng mga magulang niya ay parang salita ng hari na hindi pwedeng mabali. Lahat ng mga ipinapagawa ng mga ito ay sinusunod niya.

“Look here,” muli ay utos nito.

Tiningnan niya si *Miss Minchin* na pusturang-pustura. Terno ang pulang-pulang damit ng babae sa kulay ng mga labi nito na nakaisang tuwid na guhit lamang. Hindi siya komportable na tingnan ito nang mata sa mata. Kung makatingin kasi ito ay parang kaya siyang lunukin nang buo. She felt intimidated.

Sa dami ng beses na niyang nakita ito ay hindi pa rin niya maiwasang hindi mapamaang sa tuwing hahakbang ito. Halos mag-ekis ang mga paa at binti sa unahan sa paglakad at kitang-kita ang hubog ng likuran nito. Parang naghuhumiyaw itong lingunin at hangaan ng sinumang nilalang na nasa paligid na nakakakita rito.

“That’s how you walk, *Elizabeth*,” sabi nito nang harapin siya.

“Wow, *Elizabeth*, ang ganda-ganda mo naman,” bati ng kanyang matalik na kaibigan na si Lexa sa ayos niya at dahil sa suot na bulaklakang bestida.

Nag-iisa lamang siyang anak at mula pa noon ay si Lexa na ang parang itinuring niyang kapatid. Nararamdaman niyang ganoon din ang turing nito sa kanya lalo’t kapareho niya ito na nag-iisang anak ng mga magulang.

“Salamat.” mayumi niyang sagot. Isa iyon sa mga itinuro ni Miss Gabriela, ang tamang pagsagot sa kausap. Ang mga angkop na salitang gagamitin at isasagot.

Napakunot ang noo ni Lexa, pero tila binalewala nito iyon. “Napanood mo ba n’ung bakasyon iyong *Flame of Recca*? Ang ganda n’on!”

Sinabihan siya noon ni Lexa na panoorin ang anime na iyon na sinimulang ipalabas nang bakasyon nila. Pero dahil masyado siyang abala, hindi siya nagkaroon ng oras na manood.

“Ah, hindi ko napanood,” matipid niyang sagot.

“Ayos lang iyon! Ikukwento ko na lang sa ’yo,” masaya nitong sabi habang naglalakad sila papunta sa canteen ng paaralan.

Humanap si Elizabeth ng mapupwestuhan habang bumibili si Lexa ng makakain. Madali naman siyang nakakita ng upuan. Dahan-dahan ang ginawa niyang pag-upo. Pinlantsa pa ng dalawa niyang palad ang likod ng palda ng suot niyang bestida bago tuluyang umupo. Unang araw iyon ng eskwela kaya hindi sila naka-uniporme. Sabagay halos wala na ring pagkakaiba dahil may palda rin ang uniporme nila. Tulad ng palaging ipinasusuot sa kanya ng mommy niya kahit pa nasa bahay lang siya.

“Y-yan lang ang kakainin mo?” nag-aalangang tanong ng kaibigan habang bitbit ang tray na may lamang maraming pagkain na matagal-tagal na rin niyang hindi natitikman.

“Ah, oo,” sabay tingin niya sa laman ng kanyang baunan. Isang hiniwang mansanas at bote ng tubig lang ang nandoon. Kasama rin kasi sa leksiyon ang kumain ng tama. At ang hindi pagkain ng marami sa harap ng ibang tao lalo na sa pampublikong lugar.

“O, sige. Kung sigurado kang iyan lang ang gusto mo,” sabi nito saka dumampot ng fries mula sa tray at isinubo iyon. Nag-umpisa itong magkuwento

sa mga napanood noong bakasyon. “Yung bida, ang cute-cute. Para siyang feeling ninja, ’tapos ang pinoprotektahan niya iyong tinatawag niyang Prinsesa...” Tuloy-tuloy sa pagsasalita si Lexa pero halos hindi niya ito naiintindihan.

Mas nakatutok kasi ang atensiyon ni Elizabeth sa bawat pagkain na isinusubo nito. Tsokolate, chichirya, fries. Pagkatapos ay mapapatingin siya sa pobreng mansanas sa kanyang tray.

Hindi niya alam kung para saan ang pagtitiis niya. Sana lamang ay mas may kabuluhan iyon kaysa sa mga anime na hindi niya napanood at sa mga pagkain na hindi niya natitikman.

1

Nagmamadali siyang lumabas ng kanyang kuwarto, halos magkandarapa para mas mabilis na makaalis. Mayroon kasi silang basketball practice nang umagang iyon at mukhang male-late siya, mahigpit pa naman ang kanilang coach. Siguradong patatakbuhin na naman siya ng napakaraming laps. Paborito pa naman siyang pahirapan ni Coach Cesar.

Habang binabagtas niya ang living room palabas ng bahay, narinig niyang sigaw ng kanyang mahal na lola mula sa kusina ng kanilang tahanan. “Derek!”

Nasa ikatlong taon na siya sa kolehiyo, kung ang iba ay pipiliing tumira nang bukod para magkaroon ng kalayaan, siya ay hindi. Ang kanyang Lola Margarita na niya ang nagpalaki sa kanya mula pa noon. Ang mga magulang ni Derek ay nagtatrabaho sa ibang bansa. Kaya simula’t sapul ay ang Lola Margarita na niya ang nakasanayan niyang nag-aalaga sa kanya. Gusto niyang siya rin ang mag-alaga rito.

Sinubukan niyang magpanggap na hindi narinig ang tawag nito, at nagpatuloy sa paghakbang patungo sa pinto.

Yes, so much for taking care of her, sarkastikong sabi ng konsyensya niya.

“Derek Salvatore!”

Mabilis pa sa alas kwatro siyang nag-*about face* mula sa pinto palabas patungo sa kusina.

Binabanggit lamang kasi ng kanyang lola ang buo niyang pangalan kapag may importanteng ganap o may nagawa siyang kalokohan. Pero wala siyang matandaan na ginawang kalokohan nitong mga nakaraang araw.

Wala nga kaya? naitanong niya pa sa isip. Hindi kasi siya ganoon kasigurado.

“Yes, mahal kong Lola?” matamis na bati niya nang makarating na sa kusina. Sinubukan pa niyang maging swabe ang pagbati kay Lola Margarita na halatang hindi nadala sa kanyang pagiging “swabe.”

“Tumawag na naman ang mommy mo. Ano ba ang kailangan naming gawin sa iyo para pumayag ka sa kagustuhan ng mga magulang mo?” May bakas na ng pagsuko sa boses nito.

Nang marinig iyon ay nakahinga nang maluwas si Derek kahit paano. Mukhang wala naman pala siyang ginawang kalokohan. Lumang balita na kasi

ang tinutukoy nito.

“Lola naman, para namang ayaw mo nang makasama ang pinakaguwapo mong apo. Dito lang ako sa inyo, hindi ako aalis.” Napatingin siya sa kanyang relong pambisig at—*Damn!*

“Actually, Lola, aalis na po pala ako. Male-late na po ako sa practice, eh. ‘Love you, Lola.” Kinintalan pa niya ito ng halik sa pisngi bago kumaripas ng takbo.

May pag-asa kasing humaba na naman ang usaping iyon at wala siyang extra oras nang umagang iyon para makinig sa mahaba-habang sermon ng kanyang Lola Margarita.

Gusto kasi ng kanyang mga magulang na doon na rin siya tumira sa America, doon na mag-aral at mamuhay, bagay na parang hindi niya kaya. Hindi niya makita ang sarili na namumuhay sa banyagang lugar. Mas tamang sabihin na ayaw ni Derek at walang makakapilit sa kanya na doon manirahan, period. Isa pa, narito sa Pilipinas ang puso’t isipan niya, ang lola niya at ang mga kaibigan.

Yes, mga kaibigan na kasalukuyang nagkukumpulan sa entrada ng kanilang gymnasium habang nakatanaw sa dalawang babae na mukhang nagbabasa ng libro at nakaupo sa madamong field.

Nakarating na siya sa kanilang unibersidad at iyon nga ang kanyang inabutan.

Thank goodness hindi siya na-late.

Para kay Derek, hindi nakakabuti na nasa iisang babae o iilang babae ang atensyon ng isang *buong* basketball team. Minsan kasi ay nagiging dahilan iyon para tingnan ng nasabing babae ang sarili nito na parang higit sa kung sino o ano talaga ito.

And he was not a fan of that kind of girl.

And this certain girl had a name: Elizabeth Fabregaz. Hindi niya ito personal na kilala, iilang beses pa lamang din niya itong nakita, at wala siyang nakikitang *kakaiba* rito. Maliban na lamang sa pananamit nito.

Lagi itong nakabestida.

Wala naman kasing required na uniform sa unibersidad nila. At ang bestida nito ay laging lagpas-tuhod. Pinaparesan din nito iyon ng sapatos na hindi kataasan ang takong. At kahit kailan, hindi pa yata niya nakitang may kaunting gusot man lamang ang mahaba at tuwid nitong itim na buhok.

“Oy, Derek! ’Andiyan ka na pala. ’Lika dito, bilis, ’andun si Elizabeth sa field,” masiglang sabi ni Rylan,

isa sa mga matalik niyang kaibigan. At sa bawat araw na ginawa ng Diyos, hindi pwedeng hindi nito mababanggit ang pangalang *Elizabeth*.

“Kunwari ka pa, si Lexa lang naman ang tinitingnan mo diyan, eh,” pang-iinis niya. Si Lexa ang babaeng kasama palagi ni Elizabeth.

Naglakad na siya papasok sa gym na medyo mahirap dahil nakaharang doon ang malalaking bulto ng kanyang teammates. Nagtungo siya sa locker.

Sinundan siya roon ni Rylan.

“Don’t you mention her name again, Derek! May-sa mangkukulam iyon, baka mamaya tubuan ka na lang ng mga kabute sa mukha. Ingat ka, pare, sayang ka,” exaggerated nitong sabi.

Napangiti at napailing na lamang siya.

“Hindi ko nga ma-gets, pare, kung bakit ang prinsesang tulad ni Elizabeth ay kailangang palaging may kasamang mangkukulam,” patuloy ni Rylan. “Alam ko na!”

Nagulat pa siya nang bigla itong sumigaw.

“Gago ka talaga, Rylan. Tumahimik ka nga!” bulyaw niya rito .

“Sorry na agad, pare, buhay ka pa naman, hindi ka inatake sa puso. Sabi ko, alam ko na kung bakit may kasamang mangkukulam palagi si Elizabeth. Isipin mo, ah, siguradong haharangin ka muna ng mangkukulam bago ka makalapit sa prinsesa. Para bang may pagsubok muna bago mo makuha ang tagumpay. Kaya siguro single pa rin si Elizabeth hanggang ngayon dahil sa mangkukulam na iyon.” litanya ng kaibigan na parang kinakausap ang sarili dahil nakaharap ito sa sariling locker sa halip na sa kanya.

So Elizabeth was still *single*. Tinawanan lamang niya ang impormasyong iyon. Parang imposible. Ang alam ni Derek ay halos magkaedad sila ng dalaga, o mas bata ito ng isang taon sa edad niyang twenty.

Wala pa itong boyfriend?

“Ayain ko kaya sa College Ball si Elizabeth? Sa tingin mo, pare?” pukaw ng katabi niya, na sa pagkakataong iyon ay nakaharap na sa kanya. Hindi nawawala iyon sa kanilang unibersidad, parang laging may JS Promenade ng nasa high school. Ang kaibahan, maaaring outsider ang dalhing date, hindi limitado sa mga estudyante ng kanilang school.

“Kung ako sa ’yo, si Lexa na lang ang aayain ko. Madali nang sunduin, madali pang ihatid,” suhestiyon

niya. Magkalapit lamang kasi ang bahay nila kaya mas kilala ni Rylan ang babae kaysa sa kanya.

“Mas gugustuhin ko pang isayaw ang sarili ko, o kaya ay ang upuan, kaysa sa mangkukulam na iyon. Ikaw, si Camille ba ang date mo?”

“Wala na kami,” matipid niyang sagot.

Hindi na nabigla si Rylan sa narinig at muli na lamang itong nagtanong. “Si Keith?”

“Wala na rin.”

“Si Myla?”

“Wala na.”

“Si Kyla?”

“Wala na rin.”

“Pare, seryoso ka?” di makapaniwalang tanong nito. Hindi na kasi lingid sa kaalaman ni Rylan ang pagkakaroon niya ng girlfriends. Yes, as in plural. *Girlfriends*.

Alam naman ng mga babae na kanyang nakakarelasyon na hindi siya nakokontento sa iisa lamang. He had too much love in his system and he was not sure if a single girl could handle all of it. At ayos lamang naman iyon sa mga ito, dahil tulad niya

ay gusto lamang din nila ng kaunting... kasiyahan, na kayang-kaya naman niyang ibigay.

“Oo. In short, single ako. Wala akong pa akong date for the upcoming College Ball,” pag-amin niya.

“Welcome to the club, pare.” Nakipag-high five siya rito. “Though, kahit mamaya lang kaya mo nang magka-girlfriend ulit.”

Well, may katotohan din iyon. Si Derek kasi iyong tipong unang beses pa lang makita ng mga babae, hindi na nila makalimutan. Tipong hindi titigilan hangga’t hindi natitikman. O mas hindi pala titigilan sa oras na matikman na. Sabi nga ng kanta, ikot-ikot lang.

“Dapat mga tipong Elizabeth naman ang i-date mo, para worth it. Pero imposibleng patulan ka ng gan’ung klase ng babae, pare, kasi palikero ka nga,” ani Rylan.

Hindi naman siya na-offend. Tinatanggap niya iyon nang buong puso. Bakit hindi, eh, kaligayahan ang dulot ng kanyang pagiging palikero. Yup, he would never ever deny that he was one of those guys who would play with women who were willing to play.

“Alam mo, pare, iyong mga ganyan pa ngang mga

babae, iyan ang may mas wild na side, eh. Wanna bet?” Sinabi niya iyon na parang siguradong-sigurado at tila naghahamon talaga ng pustahan.

“You know I don’t bet, Derek. Gawin mo na lang kung kaya mo,” sagot ni Rylan.

Ipupusta niya ang kaguwapuhan niya, kaya niya. Kayang-kaya.

2

Tumatagaktak ang pawis ni Derek habang tumatakbo paikot sa loob ng buong gymnasium. Katatapos lamang din ng practice nila nang umagang iyon. Siya uli ang napagdiskitahan ni Coach Cesar na magbawas ng tubig sa katawan dahil na-late siya nang sampung minuto kanina. Sampung laps ang katumbas niyon.

That was how harsh their coach could get. Kung totoo lang ang *Hogwarts*, baka nag-enrol siya roon isang bakasyon para maisumpa ang kanilang coach. Pero mabait naman ito sa kanya paminsan-minsan.

Isang lap na lamang ang natitira para matapos na niya ang parusa nang may nahagip ang kanyang matatalas na mata. Napako ang kanyang tingin kina Elizabeth at Lexa. Naroon ang dalawa sa loob ng gymnasium, nakaupo sa bleachers.

Lihim siyang napangiti. Tatal naman ay single na single na siya, wala sigurong mawawala kung susubukan niyang ligawan si Elizabeth. After all, ang pagkakaalam niya ay single din ito. At saka sobra na siyang naku-curious dito. It sure wouldn't hurt to try.

Nang matapos ang pagtakbo ay mabilis siyang

lumapit sa kanyang teammates na kasalukuyang nagkukumpulan at nakatanaw kina Elizabeth. Uminom muna siya ng tubig at nagpunas ng pawis. Pihadong hindi maganda ang magiging impression sa kanya ng babae kung humuhulas siya galing sa pagtakbo.

Matapos makapagpahinga nang kaunti ay tinalunton niya na ang bleachers patungo sa dalawang dalagang pinagmamasdan ng buong basketball team.

Naisip na rin niya na sadyang naghahanap ng atensyon ang Elizabeth at ang Lexa na iyon. Kung hindi ba naman, ano ang ginagawa ng mga ito sa isang lugar kung saan halos kalalakihan ang naroon at pihadong mapapansin ang mga ito?

Oh well, ibibigay niya ang atensyon na hinahanap ng mga ito.

Apat na baitang na lamang at magiging kalebel na niya ang inuupuan ng babaeng nais niyang bigyan ng pansin. Huminto siya at tinitigan ang mga ito. Nakatutok sa libro nito si Elizabeth. Si Lexa ay nag-aayos ng buhok at nakatingin sa salamin.

Kakaiba ito sa atensyon na pangkaraniwan niyang nakukuha. Ang ibang babae ay halos mahimatay na sa kilig tuwing lalapit si Derek. Pero walang epekto

ang karisma niya sa dalawa. As in wala. Para lamang siyang hangin, hindi nakikita at mukhang hindi rin nararamdaman.

Sinubukan niyang tumikhim nang mahina. Napukaw ang atensyon ni Elizabeth. Dahan-dahan itong nag-angat ng tingin at napatitig sa kanyang mga mata.

Hindi niya masabi kung ganito ba ang pakiramdam ng taong tinatakan ng kaluluwa. Para kasing tumigil at lumabo ang lahat sa paligid, at ang tanging malinaw sa kanyang mga paningin ay ang kagandahang nasa kanyang harapan.

Malamlam na tsokolate ang kulay ng mga mata ni Elizabeth. Pinaresan iyon ng mahahaba at malalantik na pilik-mata. Napansin ni Derek na may sinasabi ang dalaga base na rin sa pagbuka ng mga labi nito. Mapupulang labi na para bang kaylambot at kaysarap halikan.

Wala naman siyang naintindihan sa mga sinabi nito dahil ang malakas na kabog lang ng dibdib niya ang naririnig niya. Hindi na rin niya namalayan na napatagal na pala ang kanyang pagtitig sa dalaga. Nagkaroon tuloy ng ibang kulay ang makinis at maputi nitong mga pisngi.

She's blushing! nasabi niya sa sarili. Maybe because you've been staring at her for quite a while, genius!

"H-hi. Ngayon ko lang yata kayo nakita rito." Sa wakas ay nahanap na rin niya ang boses.

"Wala na kasing ibang lugar para makapag-aral kami nang tahimik. Isipin mo, library 'tapos ang iingay ng mga tao? Seriously?" Saka lamang niya naalala na may kasama nga pala si Elizabeth nang magsalita ito. Natapunan niya ng tingin si Lexa na nakakunot ang noo at nakatingin sa bandang likuran niya.

"Ang sabihin mo nandito ka lang para panoorin akong mag-practice at masilayan ang kaguwapuhan ko. Okay lang naman iyon, eh. Masamang magsinungaling, babaeng mangkukulam," sagot ni Rylan.

Nagsalubong ang mga kilay ni Lexa. Nakatayo na sa kanyang tabi si Rylan.

"Kapal mo naman, kulugo, hitsura mo!" ganting pang-aasar ni Lexa.

Muli siyang napatingin kay Elizabeth na kasalukuyang tumatawa nang mahina at mahinhin.

Oh, God, paano niya ba naisip na walang espesyal

dito? Bakit ngayon lang niya na-realize na ganito ito kaganda?

Wala pa siyang nakitang kasing-ganda nito.

Patuloy na nagbangayan sina Lexa at Rylan, pero wala siyang ibang naririnig kung hindi ang malakas na tibok ng kanyang puso para sa babaeng hindi niya maalisan ng tingin. Parang sasabog ang kanyang dibdib sa pakiramdam.

Hindi niya maintindihan ang damdamin.

It felt strange. Different.

At iyon ang unang beses na naramdaman niya iyon at mukhang hindi iyon ang huling pagkakataon.

“Anong masamang hangin ang nagdala sa ’yo rito, pare?” Salubong ng kaibigang si Rylan nang puntahan niya ito sa bahay.

“Hindi ko akalaing sasabihin ko ito, pero... kailangan ko ang tulong mo,” seryoso niyang sagot.

Nagtungo sila sa living room ng mga ito. “May problema ba, Derek?”

Hindi niya madalas makita ang seryosong expression ng kaibigan dahil kalimitan ay nakangiti

lamang ito o nakatawa. Rylan was one carefree soul.

“I’m sick, Rylan. Hindi na yata ako magtatagal.”
Naisipan niyang biruin ito.

“Oh, shit. Shit, dude!” Hindi na maipinta ang mukha nito.

“I know. Hindi rin ako makapaniwala noong una.” Pinipigilan talaga niyang matawa. “I really couldn’t believe that... you’d fall for that!” Derek burst out laughing.

Halatang-halata ang disgusto sa pagmumukha ng kaibigan. “Gago ka talaga. ’Kala ko seryoso ka. ’Kala ko pa n’ung una nakabuntis ka o nakapatay o kung ano. Shit kang siraulo ka,” maasim na saad nito.

Pinalis niya ang luhanang namuo sa mga mata dahil sa sobrang pagtawa. “Sorry, dude. You should have seen your face.”

“Sus, alam kong nag-uumapaw sa kaguwapuhan ang mukha ko,” mayabang na tugon nito. “So, bakit ka nga talaga nandito? Subukan mo pang mag-joke ng gan’un, isusumbong kita sa lola mo,” banta pa nito.

Agad siyang sumeryoso. “Gusto kong i-date si Elizabeth, pero hindi ko alam kung paano ’ko sisimulan,” sinsero niyang sabi.

Mukhang hindi iyon inaasahan ni Rylan, mukhang mas nabigla pa ito kaysa nang sabihin niya na may sakit siya. “Wow, ang babaerong si Derek Salvatore ay nagpapatulong sa akin para makipag-date sa isang babae.” Umiling pa ito. “Wow, pare.”

“So, tutulungan mo ba ’ko?” nanunukat niyang tanong.

“No,” mabilis at matipid na sagot nito. “Huwag mong isipin na dahil iyon sa sarili kong interes kay Elizabeth.”

“Rylan—”

“Pare, ayoko lang masangkot sakaling lokohin mo lang siya. At si Elizabeth pa talaga? Humanap ka na lang ng bagong pampalipas-oras mo, dude,” putol nito sa anupamang sasabihin niya.

Naisip ni Derek na mangyayari ang ganito. May pagkabaliw kasi itong si Rylan. Hindi niya alam kung bakit may pagka-protective ito kay Elizabeth. Para itong isang obsessed na fan sa iniidolo nito. Kaya naman may naka-back-up na siyang pangsuhol dito.

“Kapalit ng pagtulong mo ang Michael Jordan jersey ko, 1998 championship, iyong may autograph,” sabi niya na *hindi* bukal sa loob ang mga salitang binitiwang.

Dugo, pawis at malaking pera ang inubos ni Derek mapunta lamang sa kanya ang collectible na iyon. Ang bagay na iyon ay mahalaga sa kanya, o sa kahit sinong alagad ng sports ng basketball na umiidolo kay Michael Jordan. Pero wala, kapit na sa patalim kumbaga. Alam niyang malaking porsyento na madala ng suhol na iyon si Rylan.

Hindi na rin kasi niya maalala kung ilampung beses nang inawitan iyon ng kaibigan. Nagdasal na lang siya na pumayag na ito at malapit nang mabali ang daliri niya ka-kaka-krus sa kanyang likuran.

“You really are willing to lose that *very* valuable thing of yours for this girl?” halos di makapaniwalang tanong nito.

“Yes, Rylan. Don’t make me think about it again. Baka bigla pa ’kong mauntog at magbago ang isip ko sa isinusuhol ko sa ’yo at palitan ko ng expired na sardinas.”

“Bakit, Derek? Bakit mo iyon gagawin? Bakit mo hahayaang mawala sa ’yo ang isang bagay na sobra-sobra mong pinapahalagahan para lang sa isang babae? Marami naman diyang iba.”

Mukhang mahihirapan yata siyang kumbinsihin ito.

Nagpakawala siya ng malalim na buntong hininga bago nagsalita. “Hindi na siya maalis sa isip ko, pare. Gusto ko siyang makita oras-oras. Gusto kong mas makilala pa siya. At sa ngayon, siya lang... siya lang ang gusto ko,” seryoso niyang tugon.

Nagkaroon ng panandaliang katahimikan sa pagitan nila. Tila naestatwa si Rylan at nakatitig lamang sa kanya habang nakaawang ang mga labi. Para siyang tinubuan ng pangalawang ulo kung titigan siya nito.

“Unbelievable,” ani Rylan at iyon ang pumatid sa katahimikan.

“I know. Kahit ako nagulat sa sinabi ko.” Hindi rin niya inakala na darating siya sa punto ng kanyang buhay na sasabihin niya ang mga salitang iyon.

“So, how do you propose I help you?” tanong nito.

Hindi sigurado ni Derek kung nangingislap ba ang mga mata niya. Nangyari na. Mukhang payag na si Rylan dahil sa paraan ng pagtatanong nito.

“Sa pamamagitan ni Lexa. It’ll only be too easy for you.”

“Easy? You’ll put me through hell, Derek, but

sure. Kung kanina mo pa sinabi ang totoong dahilan di sana ay hindi na tayo umabot sa pagbibigay mo sa 'kin ng jersey. I would have said yes anyway. Pero dahil in-offer mo na, who am I to say no. So, thanks, Derek. Thanks a lot,” ngising-aso pang sabi nito.

Pinigilan niyang umasim ang mukha dahil sa sinabi nito.

“Pero tandaan mo, babawi ako sa pantitrip mo sa 'kin kanina. Maghintay ka lang,” banta nito.

Baliw talaga.

Well, it should be all worth it. Pagtitiisan na lamang niya ito tutal ay mahigit isang dekada na niya iyong ginagawa. Hindi pa siya nasanay.

Ang mahalaga ay may pag-asa na siyang mas makilala pa si Elizabeth.

“Hay, naiinggit ako sa 'yo, Derek. May pag-asa nang mapalapit ka sa prinsesang si Elizabeth,” sabi ni Rylan na nakaupo sa front passenger seat ng kotse. “Pero tandaan mo, oras na lokohin mo siya, ako ang unang-unang sasapak sa 'yo.” Mabilis na nagbago ang tono nito mula sa tila nangangarap sa himig na nagbabanta.

Umandar na naman ang fanboy.

“Pare, ako na mismo ang susuntok sa sarili ko sa oras na ginawa ko iyon,” tugon niya rito habang nasa daan ang tingin.

“Mabuti at nagkakaintindihan tayo.”

Kasalukuyan silang patungo sa bahay nina Lexa. Doon nila susunduin ang dalawang dalaga. Ayon sa huli ay hindi raw papayag ang mga magulang ni Elizabeth kung malalaman na makikipag-date ito, kaya kunwari na lamang ay lalabas ito kasama ang kaibigan.

Tila double date ang naging set-up. Ayaw kasing pumayag ni Lexa na pabayaang ang kaibigan sa kanyang mga kamay, at hindi rin ito pumayag na maging third wheel. Kaya hayun, katumbas ng isa niyang sapatos ang pagpayag ni Rylan na sumama at maging date ni Lexa dahil wala raw sa usapan na magiging *sacrificial lamb* ito sa mangkukulam kapalit ng paglabas ni Derek kasama si Elizabeth.

Hindi na siya magugulat kung itong suot na lamang niyang mga damit ang matira sa kanya sa oras na mapalapit siya kay Elizabeth. Bawat pabor kasi na hinihingi niya kay Rylan ay may kapalit. So much for their so called friendship.

Inihinto niya ang kotse sa bahay na itinuro ni Rylan at bumaba na sila ng sasakyan na ipinarada lamang niya sa labas ng bahay, sa gilid ng kalsada.

“Hi. Nandiyan ba iyong señorita ninyong mangkukulam?” tanong ni Rylan sa isang kawaksi na nagbukas ng gate para sa kanila.

“Sir Rylan talaga. Opo, naroon sila ni Miss Elizabeth sa loob,” magalang na tugon nito.

Just the mere mention of her name made him feel something fuzzy inside. Parang hindi siya mapakali. Ganoon din ang pakiramdam niya noong unang beses siyang maglaro ng basketball. Parang hindi na siya makapaghintay na makita si Elizabeth.

Sinamahan sila ng katiwala hanggang makarating sa malawak na receiving area ng bahay. Kahit na puro babasagin at naggagandahang palamuti ang naroon ay iisa lamang ang nakapukaw ng kanyang atensyon

Elizabeth, bulong ng puso niya na nagtatatalon na sa tuwa.

3

Nakaupo sa isang sofang *Cleopatra* ang dalaga. Hindi niya maiwasang hangaan ang pustura nito. She was sitting straight with her straight hair flowing down her back to her waist. Nakasuot ito ng puting bestida.

“Hi, Elizabeth,” bati ni Rylan sa dalaga habang nakayukod pa.

Aba’t ang loko! Inunahan na pala siya nito. Kanina lamang ay nasa tabi niya ito. Ganoon na ba katagal niyang tinititigan si Elizabeth o lumipad lang talaga roon si Rylan?

“Hello,” mahinhing tugon ng babae at iniabot ang kamay nito sa nakalahad na palad ng kaibigan niya.

Agad iyong kinintalan ng halik ng lokong lalaki.

Halos bumaon naman ang bawat niyang hakbang palapit sa mga ito. Gusto na rin niyang ibaon sa sahig ang kasama niya. Nanlilisik ang mga mata niyang tinapunan ito ng tingin.

“Hindi siya ang date mo, pare,” paalala niya rito.

“I know. Sus, hindi pa naman sa ’yo, selos ka na agad,” pang-iinis pa nito.

Pinili na lang ni Derek na kausapin ang dalaga. “H-hi.” Bad trip, nautal pa siya.

“Hi din sa ’yo,” ani Elizabeth habang matamis na nakangiti. Sapat na iyon sa kanya. Masaya na siya ulit. Ang pagkainis niya kay Rylan ay tila tinangay na ng hangin.

“Paimportante pa ’yong mangkukulam na iyon! Nasaan na ba siya?” puna nito nang hindi makita si Lexa.

“Ang sabihin mo miss mo na kaya hinahanap mo,” bawi niya.

“Pasensya na kayo. Sinabi ko kasi sa kanya na mas magiging masaya siguro kung pareho kami ng gayak. Nagdala ako ng isa pang bestida para sa kanya,” sabi ni Elizabeth.

“Naku, ayos lang iyon. Walang problema sa akin ang maghintay.” Parang nahipan ng hangin ang kaibigan niya. Kanina lang reklamo nang reklamo, ngayon akala mo maamong tupa.

Naupo na lamang si Derek sa isa pang sofa. Agad ding sumunod si Rylan at naupo sa kanyang tabi. Tahimik silang naghintay habang ninanakawan niya ng tingin si Elizabeth paminsan-minsan. Ayos lang kung mahuli, hindi naman siguro siya makukulong

sa krimeng iyon.

“Sorry, kung nainip kayo,” anang isang matinis na tinig. Si Lexa. Gusto sana niyang tapunan ng tingin ang pinanggalingan ng boses, pero hindi niya maialis ang mga mata kay Elizabeth. Parang namilog ang mga mata nito sa pagkamangha, na agad nasundan ng matamis na ngiti.

Naramdaman niyang tumayo na si Rylan mula sa sofa. “Ikaw talaga mangku—”

Hindi siya sigurado kung bakit tila naputulan ng dila ang kaibigan, kaya kahit labag sa kanyang kalooban ay sinundan niya ang direksyon ng tingin nito.

Well, well, well...

Nakasuot ng isang floral dress si Lexa. Iyon yata ang unang beses na nakita niya itong nakabestida. Maging ang buhok nito ay nakatali, hindi iyong istilo nito na parang laging mahangin sa labas.

“Wow, Lexa. You look beautiful. Bagay na bagay sa ‘yo,” ani Elizabeth.

At mukhang hindi lamang ito ang nag-iisip ng ganoon. Parang natuklaw ng ahas si Rylan at hindi pa rin kumikilos habang nakatutok ang tingin kay Lexa.

“Ano, kulogo, tara na!” sabi ng huli sa kaibigan niya bago ito halos kinaladkad palabas ng bahay.

Sila tuloy ni Elizabeth ang naiwan. Masaya na siya na iisang hangin ang nilalanghap nila nang mga oras na iyon. Walang tunog ang mga hakbang nila palabas ng bahay. Sabay silang naglalakad habang magkalayo nang halos isang dipa. But even with that much space between them, his heart still felt warm and satisfied.

Milagrong nakarating sila sa park ng ligtas. Habang nagmamaneho kasi si Derek ay hindi niya mapigilang sumilip sa rearview mirror ng kotse para sulyapan si Elizabeth na nakaupo sa back seat katabi ni Lexa. He still couldn't believe that it was happening. Makaka-date na niya si Elizabeth.

Hinintay niyang punahin siya ng kaibigan, pero buong biyahe itong hindi nagsalita at parang tulala.

“Wow, ha, nag-dress pa talaga ’ko ’tapos dito n’yo lang kami dadalhin?” reklamo ni Lexa na pumatid sa kanyang iniisip nang ihinto na niya ang sasakyan.

“Sino ba kasi ang nagsabi sa ’yo na mag-dress ka?” sagot ni Rylan na mukhang nahanap na ang kaluluwa nito habang bumababa sa kotse.

“Si Elizabeth,” nanghahaba ang ngusong sagot ni Lexa.

“Ay, oo nga pala. Basta, ’wag ka na lang magreklamo diyan,” ani Rylan habang inilalabas ang basket mula sa compartment ng kotse.

Sinimulan nilang magkaibigan na ilatag ang dalawang checkered na blanket sa damuhan saka inilabas mula sa basket ang juice at sandwich na baon nila. Nang handa na ang lahat ay inalalayan nilang umupo ang dalawang dalaga.

“Thank you,” mayuming pasalamat ni Elizabeth na halos nagpalundag ng puso niya.

Ganoon na ba siya kababaw ngayon? Kung oo man ang sagot, pwes *wapakels* na siya.

“Ang boring naman. Kanino bang idea ’to?” muli ay reklamo ni Lexa na kahit nakasuot na ng dress ay brusko pa rin ang dating.

“Umupo ka nga nang maayos, kita na panty mo!” bulyaw ni Rylan dito.

Malayong-malayo sa maayos na pagkakaupo ni Elizabeth ang ayos nito.

“Bakit ba pati panty ko pinapakialaman mo? Huwag ka ngang inggitero!”

“Hindi ako naiinggit!”

“Naiinggit ka!”

“Hindi, ayoko kay *Hello Kitty*.”

Alam niya na patuloy pa ring nagbabangayan ang dalawa, pero ang nakangiting mukha ni Elizabeth na nakatanaw sa mga ito ang tila nagdala sa kanya sa ibang dimension.

“Kumain na nga lang tayo ng isaw,” naulinigan niyang sabi ni Lexa.

“Isaw? Ano ’yun?” Nagtatanong ang mga mata ni Elizabeth na nakatingin sa... kanya?

Oh, shit, kinakausap ka niya, Derek!

“B-bituka ’yun,” wala sa loob niyang sagot.

Agad umasim ang mukha ng dalaga nang marinig iyon. He found it so... adorable. Parang gusto niyang pisilin ang makinis na mga pisngi ni Elizabeth. She looked so pretty.

“Halika na, Elizabeth. Kakain tayo ng isaw,” tawag ni Lexa sabay hila sa kaibigan nito.

Napansin ni Derek na nakaupo pa si Rylan.

“Pare, para kang tuod,” sabi nito habang

nakatingala sa kanya. “Ikaw ba talaga iyong kaibigan kong matinik sa chicks? Nagpapaka-wing man na nga ako kapalit ng jersey at sapatos mo, eh. Sulitin mo naman. Ano ba iyang ginagawa mo at nakatayo ka lang d’yan?”

Sa totoo lang ay hindi rin niya maintindihan ang sarili. Kung sa ibang pagkakataon ay *dumadamoves* na siya. Pero tila lahat ng kaalaman niya sa mga *da moves* ay tinatangay ng hangin tuwing mapagmamasdan niya si Elizabeth.

“Relax lang, darating din tayo diyan, kabayan,” sagot niya. Kahit si Derek ay naiinip na rin sa sarili. Sana nga ay sumanib na sa kanya ang dating katauhan nang makapagpapogi man lang siya sa dalaga.

Sumunod na silang magkaibigan sa dalawang babaeng nakatayo sa harap ng ihawan. Mausok doon.

The two girls looked so out of place, but the scene put a smile on his face, and Rylan’s too. Mukhang lumilinaw na rin yata ang dati pa niyang natatanaw na koneksyon nito kay Lexa.

Pumagitna si Rylan sa dalawang babae.

The guy was definitely doing his job as his wingman. Kaya naman para hindi mapunta sa wala ang effort ng kaibigan ay tumabi siya kay Elizabeth.

“You should try it,” he said, trying to encourage her.

“Are these... clean?” tanong nito na hindi maipinta ang mukha.

“Safe naman sa palagay ko. Hindi pa naman ako naoospital kahit maraming beses na kaming kumain dito kaya maire-recommend ko,” nagawa niyang sabihin nang hindi nauutal. Mabuti na lamang at nakakausap na niya ito nang derecho ang dila niya. Sana lang ay magtuluy-tuloy na iyon.

“Sige na nga,” tugon nito na tila napipilitan. Actually, alam niyang napipilitan.

Pare-pareho na silang may hawak na stick ng isaw, halos sabay-sabay nilang nilantakan iyon, maliban kay Elizabeth. Parang dinadasalan pa nito ang nakatuhog na bituka. Mukhang malapit na rin nitong alayan iyon ng ritwal.

“Go, Elizabeth! Sarap kaya,” masiglang sabi ni Lexa bago muling kumuha ng isa pang stick ng isaw.

“Palibhasa, lahat kinakain mo, panis lang ang hindi. Actually, hindi ko pa sigurado kung kaya mong palagpasin kahit panis,” banat ni Rylan.

Sa halip na pansinin pa ang mga nagbabangayang

daig pa ang mga paslit ay pinanood na lamang niyang kagatan ni Elizabeth ang hawak nitong isaw. He could easily tell that she did not enjoy it one bit.

“You obviously didn’t like it,” sabi niya kay Elizabeth.

Mahinhing pagtango lamang ang natanggap niyang sagot mula rito. Inabot niya kaagad ang isaw na hawak nito para siya na ang kumain niyon saka bumili ng buko juice na nakalagay sa plastic na baso para sa dalaga.

Ang nagtitinda ng buko ay katabi lamang ng nagtitinda ng isaw. Iniabot niya ang baso kay Elizabeth. “Malinis iyan,” nakangiti niyang alok sa dalaga.

Agad nitong tinanggap ang inumin saka nagpasalamat sa kanya.

Nang makainom ay agad siya nitong nginitian. Pakiramdam ni Derek ay matutunaw siya dahil sa ngiting iyon na direktang para sa aniya

Maraming tao ang naglisaw sa park. May naglalakad, tumatakbo, may nagba-bike. Sa lahat, nangingibabaw si Elizabeth. All this time, he’d been

asking himself what was so special about her.

Now he had the answer.

At sa halip na matakot ay napangiti na lamang siya. Because whatever it was he's feeling, it made him so happy.

"Hoy! Tunaw na iyang ice cream," untag sa kanya ni Rylan.

Napangiti na lamang si Derek. Hindi niya kasi mapigilang pagmasdan si Elizabeth, nakalimutan na tuloy niya ang biniling dirty ice cream. May hawak siya sa magkabilang kamay.

"Here." Iniabot niya kay Elizabeth ang isa nang makarating sila sa inilatag nilang mga kumot.

"Salamat," sabi nito nang abutin ang ice cream na patunaw na.

"Grabe ka naman, kumurap lang ako ubos na agad?" reklamo ni Rylan.

"Ano'ng magagawa ko? Tara, ibili mo 'ko ulit, gusto ko sa pinakamalaking apa! Tinitipid mo 'ko, eh. Tandaan mo, may utang na loob ka sa 'kin, kulugo."

Naiwan silang dalawa ni Elizabeth.

Buti naman, walang istorbo, ani Derek sa isip.

Makakadamoves na siya nang walang abala. Sa wakas!

Nang bumaling siya sa babaeng papakitaan niya ng kanyang infamous moves ay nakalimutan niya ang planong gawin. Nadako kasi ang kanyang tingin sa mapupula nitong labi na may bahid ng ice cream.

He automatically raised his hand and brushed the sticky dessert off of Elizabeth's lower lip with his thumb. At nang lumapat ang kanyang daliri sa labi nito ay tila siya napasog. Agad niyang inilayo ang kamay mula rito.

It was one of his *da moves*, but what he did was spontaneous. As in, talagang hindi niya iyon sinadya! Promise!

And it seemed like he was not the only one surprised. Elizabeth had shock written all over her beautiful face. Mabilis na namula ang mga pisngi nito. Hindi rin niya napigilan ang mapansin na kukurap-kurap lamang ang bilugan nitong mga mata.

At ang mukha pa rin nito na tila nagkulay-kamatis ang tumatakbo sa kanyang isip hanggang sa makabalik sila sa tahanan nina Lexa para ihatid ang mga ito bago dumilim.

Nang aalis na sila ay lumapit siya kay Elizabeth para sana ay magpaalam. Pero naunahan siya nitong

magsalita.

“I had a great time,” she said sweetly.

“Me, too,” he answered instantly. Abala pa rin siya sa pagtitig sa mukhang malamang ay ookupa sa kanyang mga panaginip. “You are so beautiful,” he blurted out.

And she was blushing again. And her face was the color of the gentle yet powerful fire burning inside his chest.